

15 HAKBANG NA PLANO NG BART

para Muling Tanggapin ang Mga Pasahero



1

Paglilinis

Gumagamit ang BART ng pang-ospital na disinfectant sa mga istasyon at sinasakyang tren.

Pinupunasan ang mga train pole (hawakang metal) gamit ang disinfectant sa dulo ng biyahe sa loob ng mga oras ng serbisyo. Dini-disinfect ang bawat bagon gamit ang mga electrostatic na fogger kada 24 na oras. Pinupunasan nang maraming beses kada araw ang mga hawakan sa istasyon.



2

Magpatakbo ng Mahahabang Tren

Magpatakbo ang BART ng mahahabang tren buong araw para bigyang-daan ang mga pasahero na maglayo-layo. Makakapagpanatili ng social distancing ang mga pasahero sa agwat na 6 na talampakan habang nasa tren na may sakay na hindi lalampas sa 30 tao kada bagon. Magagawa ang social distancing na may layong 3 talampakan kapag hindi lalampas sa 60 ang mga tao kada bagon.

3

Mas Dalasan ang Mga Tren

Magdaragdag ang BART ng mga tren sa mga oras ng pag-commute sa loob ng 15 minutong mga agwat kapag ipinakita ng data na palaging lampas 30 tao ang sakay ng mga bagon ng tren. Sa ngayon, dapat asahan ng mga pasahero ang pagsasara tuwing 9 pm. Hinihikayat ang mga pasahero na tingnan online ang real time na feature ng BART para sa mga departure at ang opisyal na app ng BART bago pumunta sa istasyon dahil ang 30 minutong batayang iskedyul ang ipapakita ng Trip Planner at posibleng hindi nito maipakita palagi ang 15 minutong serbisyo kapag naging available na ito.

4

Magpasimula ng Bagong Aayos ng Mga Upan

Sa Fleet of the Future ng BART, puwede ang mga modular na upuan. Magpapasimula ang BART ng bagong ayos ng mga upuan na posibleng makatulong para magkaroon ng espasyo sa pagitan ng mga pasahero.



5

Ipag-utos ang Pagsusuot ng Pantakip sa Mukha

Patuloy na ipag-uutos ng BART ang pagsusuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng pagkakataon para sa lahat ng pasahero edad 13 pataas. Sa kasalukuyan, may mga sobrang mask sa mga booth ng agent sa Downtown San Francisco station para sa mga may kailangan nito. Magbibigay rin kami ng mga dagdag na mask sa mga officer para maipamigay nila kung kailangan. Tinitingnan ng BART Procurement ang pagkakaroon ng mga vending machine ng face mask sa loob ng mga istasyon.

6

Pagbabantay ng Mga Pulis

Ipagpapatuloy ng BART Police ang kanilang mga pagsusumikap na dagdagan pa ang presensya ng kawani sa mga istasyon at sinasakyang tren, kabilang ang mga nanumpang officer, mga hindi nanumpang tauhan, mga inspektor ng pamasahé, at mga ambassador. Kapag ipinapatupad ang utos na magsuot ng pantakip sa mukha, itutuon ng BART Police ang kanilang gawain sa edukasyon at pagbibigay ng mga mask sa mga nangangailangan nito. Pana-panahong ipoposisyon ang mga officer sa mga nakapirming puwesto malapit sa mga fare gate sa karamihan ng aming mga istasyon. Patuloy na magiging pangunahing




pagtuon ng BART Police ang pagbabantay laban sa mga seryosong krimen. Napatunayang epektibo ang ganitongistratehiya noong bumaba nang 34% ang rate ng krimen sa BART noong Enero-Abril kumpara sa kaparehong apat na buwan noong 2019. Mas pagtutuunan din ng pansin na panatilihin walang balakid at ligtas ang mga daanan sa istasyon para sa aming mga pasahero.

7

Mga Biswal na Pananda

Nagpi-print na ng malalaking decal, poster, at banner at malapit nang ilagay ang mga ito sa buong system at sa loob ng mga sinasakyang tren para ipaalam ang mga inaasahan sa social distancing at pangangailangang magsuot ng pantakip sa mukha. Bagama't walang plano ang BART na gumamit ng mga standing marker sa mga platform at tren, maraming ilalagay na signage sa mga platform at sinasakyang tren, at magkakaroon ng mga overhead na anunsyong nagpapaalala sa mga pasahero na mag-social distancing at maglayo-layo.



8

Hand Sanitizer

Patuloy na maglalagay ang BART ng hand sanitizer sa bawat istasyon. Naglagay kami ng malalaking karatula, kaya madaling mahanap ang mga dispenser.

9

Contactless na Pagbabayad

Binibigyang-daan ng Clipper ang contactless na pagbabayad sa BART. Hinihikayat ang mga pasahero na kumuha ng Clipper at paunang mag-load ng pondo online o awtomatikong magpa-load. Pinapabilis na ng BART ang mga pagsusumikap na palawakin ang feature ng opisyal na app ng BART para sa pagbabayad sa paradahan sa lahat ng istasyon.

10

Mga Personal na Hand Strap

Mag-aalok ang BART ng mga personal na hand strap para sa mga pasahero para magamit at maiuwi para malinis pagkatapos ng bawat pagsakay. May ipapamigay na limitadong supply sa loob ng mga istasyon para tanggaping muli ang mga pasahero at pagkatapos ay ibebenta ang mga ito sa halagang \$5 at kasamang buwis sa pag-order sa telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa 510-464-7136, nang personal sa Customer Service window ng Lake Merritt Station (Lunes-Biyernes 7:30 am–4:45pm), at sa pamamagitan ng isang online store na malapit nang i-launch.

11

Transparency sa Data

Patuloy na ipo-post ng BART ang dami ng sumasakay araw-araw sa bart.gov/covid, makakatulong itong matiyak ng mga pasahero na walang nangyayaring siksikan. Ibabahagi rin ng BART ang data ng sakay sa bagon ng tren batay sa dami ng mga pasahero sa isang partikular na tren at kung paano maikakalat sa average ang mga pasahero na iyon sa lahat ng bagon. Hindi available nang real time ang impormasyong ito, pero nagpapalano kaming ipaabot ito sa isang partikular na dalas sa aming website at sa pamamagitan ng social media.

12

Mga Bagong Teknolohiya at Pinakamahuhusay na Kasanayan sa Industriya

Patuloy na aalamin ng BART ang mga bagong teknolohiya na ginagamit sa mga transit system sa buong mundo bilang tugon sa COVID-19. May mga sinusuri na ang BART na mga bagong proseso ng paglilinis gaya ng ultraviolet disinfecting para malaman kung ligtas ang mga bagong paraan, kung hindi magdudulot ng pinsala ang mga ito, at kung mas epektibo ang mga ito kaysa sa mga kasalukuyang isinasagawa.

13

Tulong sa Business Community

Hihikayatin ng BART ang mga employer na bigyang-daan ang mga staggered na shift para makatulong na magkaroon ng agwat ang pag-commute at para maiwasan ang pagsiksikan sa mga oras na marami ang bumibyahe. Makikilahok din ang mga kawani ng BART sa mga virtual na town hall kasama ng mga kumpanya para sumagot ng mga tanong tungkol sa serbisyo ng BART at mga bagong hakbang pangkaligtasan.

14

Malusog na Lakas-paggawa

Ang pinakamahalagang asset ng BART ay ang aming lakas-paggawa, at dapat silang manatiling malusog para makapagpatuloy sa pagbibigay ng serbisyo. Nagbibigay ang BART ng PPE at mga supply sa mga manggagawa at nag-aalok ito ng COVID-19 testing sa mga empleyado. Madalas din disinfect ang mga lugar ng trabaho.

15

Buuing Muli ang Imprastraktura

Sinasamantala ng BART ang panahong ito kung kailan kaunti lang ang sumasakay para mapabilis ang mga proyekto sa muling pagbuo ng mga imprastraktura sa tulong ng mga dagdag na oras sa paggawa na dulot ng mas maagang oras ng pagsasara. Dahil sa ganitong mas matinding pagtatrabaho, mas magiging maikli ang oras na kakailanganin sa ilan sa mga proyektong ito na maaaring makasagabal sa mga pasahero. Halimbawa, sa bawat anim na linggong magsasagawa ng single tracking ang BART simula 7 pm sa San Francisco para magpalit ng kable, anim na buwang single tracking tuwing Linggo ang natatangal.